Pakinggan ang maikling kuwento:

## Ang Mabait at Mabuting Anak

Sa kubong ito ay may isang pamilya na nakatira. Ito ay ang pamilya ni Mang Jose at Aling Rosa. Sila ay may 3 na anak. Tinuturuan ng mag-asawa ang kanilang mga anak ng tamang paraan ng pagmamahal sa Diyos. At isa na rito ay ang pagpapakita ng pagmamahal sa mga magulang o nakatatanda. Narito ang ilan sa mga naituro ng mag-asawa sa kanilang mga anak.





**Pangalan:** ______________________ **Petsa:** ____________

**Pangalan ng Guro:** ______________________ **Pangkat:** ____________

Inaalagaan ng mga bata ang kanilang lolo kapag ito ay maysakit. Pinapakain at pinapainom nila ito ng gamot. Hindi rin sila nag-iingay kapag ito ay natutulog.Pagkatapos ng aralin kusang-loob na tumutulong ang mga bata sa mga gawaing-bahay,sapagkat mahal nila ang kanilang mga magulang. Hindi nila hinahayaan na mapagod ang mga magulang sapagkat sila ay galing pa sa trabaho.Masaya at nagpapasalamat sa Diyos sina Mang Jose at Aling Rosa sa kanilang mababait at mabuting mga anak.

**Gawain 1:**

**Panuto**: Humingi ng gabay sa iyong magulang sa pagbabasa.Isulat ang letrang iyong napiling sagot sa guhit.

_____1. Ano ang pamagat ng kuwento?
A. Ang mga anak
B. Ang mabait at mabuting anak
C.Ang tatay at nanay

_____2. Sino ang kanilang inaalagaan?
A.Tatay
B. Nanay
C.Lolo

_____3. Tumutulong ba ang mga anak sa gawaing bahay?
A. Opo
B. Hindi
C.Naglalaro lang

_____4. Ano kaya ang ginagawa nila sa loob ng bahay?
A.Naglilinis sa loob ng bahay
B. Naglalaro sa loob ng bahay
C.Nag-aaway sa loob ng bahay

_____5. Bakit kaya masaya sina Mang Jose at Aling Rosa sa kanilang mga anak?
A.Dahil sila ay mababait na bata
B.Dahil sila ay tamad na bata
C.Dahil sila ay palaging tulog

LIVEWORKSHEETS